Ano ang halaga ng buhay sa mundo?

Ang pagsusulit ay ginawa upang makilala ang mga mag-aaral ayon sa kanilang mga antas at grado kapag sila ay humarap sa bagong buhay na kanilang haharapin. Bagamat maikli ang pagsusulit, ito ang magpapasya ng kapalaran ng mag-aaral sa bagong buhay na kanyang haharapin. Gayundin, ang buhay sa mundo, sa kabila ng kanyang ikli, ay isang pagsubok at pagsusulit para sa mga tao upang makilala sila ayon sa kanilang mga antas at grado kapag humarap sila sa buhay na walang hanggan. Ang tao ay lumalabas sa mundo dala ang kanyang mga gawa at hindi ang mga materyal na bagay. Ang tao ay dapat na maunawaan na dapat siyang kumilos sa mundo para sa buhay na walang hanggan at hangarin ang gantimpala sa kabilang buhay.

سؤال وجواب حول الإسلام
Source: https://www.mawthuq.net/demo/qa/tl/show/32/
Arabic Source: https://www.mawthuq.net/demo/qa/ar/show/32/
Thursday 5th of November 2026 12:36:55 PM